


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 2: Pagpapanatili Ng Mabuting Pakikipagkaibigan



**Edukasyon Sa Pagpapakatao (EsP) – Ikaanim na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 2: Pagpapanatili ng Mabuting Pakikipagkaibigan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Ma. Dulce Corazon G. Cuberos
Editor: Maricha D. Rojo, Carmelita R. Segara,
Tagasuri: Zaldy H. Reliquias, PhD, Raulito D. Dinaga
Tagaguhit: Janny N. Zamora
Tagalapat: Othelo M. Beating, Raulito D. Dinaga
Tagapamahala: Ramir B. Uytico, EdD, CESO IV - Regional Director
Pedro T. Escobarte, Jr., PhD, CESO V - OIC-Regional Director
Elena P. Gonzaga, Regl Chief-CLMD
Donald T. Genine, Regl EPS-LRMS
Meriam T. Lima, Reg'l EPS, ESP
Marsette D. Sabbaluca, CESO VI - SDS
Lynee A. Peñaflor - ASDS
Salvacion J. Senayo - OIC-ASDS
Zaldy H. Reliquias PhD, Chief-CID
Raulito D. Dinaga, EPS-LRMS
Carmelita R. Segara, EPS-ESP
Othelo M. Beating, PDO II-LRM

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VI – Western Visayas
Office Address: **Duran St. Iloilo City, Philippines**
Telefax: **(033) 336-2816, (033) 509-7653**
E-mail Address: **deped6@deped.gov.ph**

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 2:
Pagpapanatili Ng Mabuting
Pakikipagkaibigan**

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikaanim na Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagpapanatili Ng Mabuting Pakikipagkaibigan!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.



Alamin

Sa modyul na ito ay matututuhan mo ang pagiging responsable sa kapuwa upang tunay na mapahalagahan ang pagkakaibigan. Masusuri rin ang mga katangian ng isang mabuting kaibigan at kung paano ito makatutulong sa pagpapanatili ng pagkakaibigan.

Sa bandang huli, inaasahang masagot mo ang tanong: Paano mo maipakikita ang pagiging responsable ayon sa pagpapanatili ng pakikipagkaibigan?

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang ang sumusunod na mga kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

1. Naipakikita ang kahalagahan ng pagiging responsable sa kapwa sa pamamagitan ng pagpapanatili ng mabuting pakikipagkaibigan.
2. Naibabahagi ang mga sariling interpretasyon sa awit ng pagkakaibigan o pananagutan sa bawat isa.
3. Nasusuri ang mga katangian ng kaibigan mula sa kuwentong nabasa o napakinggan.
4. Napatutunayan na ang pagiging responsable sa kapuwa ay mahalaga sa pagpapanatili ng mabuting pakikipagkaibigan.



Subukin

Panuto: Alam mo ba ang awiting may pamagat na “Pananagutan”? Tingnan ang liriko ng awit na nasa ibaba. Isulat sa kuwaderno ang iyong sariling interpretasyon sa awiting ito.

PANANAGUTAN

(S.j. / E.p. Hontiveros)

Walang sinuman ang nabubuhay, para sa sarili lamang

Walang sinuman and namamatay, para sa sarili lamang

Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't isa

Tayong lahat ay tinipon ng Diyos, na kapiling Nya

Sa ating pagmamahalan at paglilingkod kahit kanino man

Tayo ay magdadala ng balita ng kaligtasan

Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't isa

Tayong lahat ay tinipon ng Diyos, na kapiling Nya

Sabay-sabay ngang mag-aawitan ang mga bansa

Tayo'y itinuring ng Panginoon, bilang mga anak

Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't isa


Tayong lahat ay tinipon ng Diyos, na kapiling Nya

Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't isa

Tayong lahat ay tinipon ng Diyos, na kapiling Nya

Pagpapanatili Ng Mabuting Pakikipagkaibigan

Ang tao bilang likha ng Diyos ay binigyan Niya ng malayang kaisipan na siyang makapagdedesisyon para sa kaniyang sarili. Subalit ang bawat desisyong magawa ng bawat isa ay may kaukulang resulta na maaaring magbunga ng maganda o masama para sa sarili at sa iba. Ang mapanuring pag-iisip ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng kaalaman sa suliranin, pagtitimbang ng mga maaaring gawin, at pagpili nang pinakabuti bago bumuo ng isang pasya. Mahalagang suriin muna ang sitwasyon bago magbigay ng anumang pasya. Ang pagsusuri at pagtimbang sa maaaring resulta ng iyong pasya ay nararapat din na isaalang-alang. Ang paghingi ng gabay sa Diyos sa panahong kailangang magpasya, ay makabubuti bilang tugon sa katotohanang ang tao ay Kaniyang likha, nangangailangan ng kaniyang talino upang makapagdesisyon ng mabuti at tama.



Balikan

Panuto: Basahin ng mabuti ang mga sitwasyon. Isulat ang salitang **NATUPAD** kung ito ay nagsasabi ng katuparan sa pinagkasunduan at **DI NATUPAD** naman kung hindi. Isulat ang iyong mga sagot sa kuwaderno.

- _____ 1. Si Edwin ay mahilig umawit. Mayroong *awdisyon* sa pag-awit sa kanilang barangay at gusto niyang sumali doon. Kaya lang ang sabi ng kaniyang magulang ay baka maapektuhan ang kaniyang pag-aaral. Kaya hindi muna siya sumali at nangako na pagbubutihin niya ang kaniyang pag-aaral.
- _____ 2. Si Janny ay palaging naglalaro ng kaniyang selpon. Binawalan siya ng kaniyang ina para makatutok sa kaniyang pag-aaral at nangako naman siya. Pagkatapos ng klase, umuuwi agad si Janny upang makapag-aral.
- _____ 3. Si Carmelita ay mahilig magbulakbol, lagi siyang gabi kung umuuwi. Isang araw inumaga ng uwi si Carmelita. Pinagalitan siya ng kaniyang nanay at nagkaroon sila ng kasunduan na alas-otso ng gabi ay naroon na siya sa kanilang bahay, at

sumang-ayon naman siya. Ngunit nang mga sumunod na araw ay umuwi si Carmelita ng alas-diyes ng gabi.

- _____ 4. Si Vicky ay niyaya ng kaniyang mga kaibigan na maglaro. Ngunit mayroon pa silang ginagawa ng kaniyang nanay. Naisip ni Vicky na magpaalam muna sa kaniyang nanay at nangakong babalik kaagad ito para makatulong. Umuwi si Vicky na tapos na lahat ang gawain at nadatnan na tulog na ang kaniyang nanay.
- _____ 5. Si Joeme ay nanghiram ng libro kay Johnrey. May kasunduan sila na magpapahiram din si Joeme ng gamit kay Johnrey. Nangako sila sa isa't isa, at iyon nga ang nangyari, pinahiram ni Joeme si Johnrey ng gamit niya sa kanilang proyekto.



Mga Tala para sa Guro

Katungkulan mong tiyakin na ang bawat mag-aaral ay mabibigyan ng sapat na suporta at alalay mula sa kanilang magulang, nakatatandang kapatid sa bahay o kahit na sa mga kamag-anak, kaibigan at kapitbahay.



Tuklasin

Panuto: Basahin nang mabuti ang kuwento. Kilalanin ang mga katangian ng isang mabuting kaibigan.



Iginuhit ni Janny N. Zamora

PAGKAKAIBIGAN

Magkakaibigang-matalik sina Julie, Grace, at Vicky. Mula ikatlong baitang, magkakasama na ang tatlo at makikita na laging abala sa klase. Si Vicky ay anak ng Prinsipal ng paaralang pinapasukan ng tatlo. Si Julie naman ang “ate” sa tatlo. Si Grace ang palabang kaibigan.

Sa tuwing may gagawing proyekto ang tatlo, hindi alam ng lahat na nagbibigay lang ng pera si Vicky kay Julie at Grace na silang gumagawa ng proyekto para sa kaniya. Sa tuwing may pagsusulit, palihim na pinapakopya ni Julie si Vicky.

Isang araw, sa pag-uusap nila Julie at Grace habang ginagawa nila ang proyekto ni Vicky, “Julie, nasa Grade VI na tayo pero patuloy pa rin nating kinukunsinti ang ating kaibigan,” sambit ni Grace.

“Grace, pagpasensiyahan na natin si Vicky. Talagang mapapasama siya kapag nalaman ng mga guro natin ang ginagawa natin para sa kaniya,” sagot ni Julie.

*Pero sa loob-loob ni Julie, nagi-**guilty** siya sa kanilang ginagawa. Laging number 2 sa klase si Julie. Laging pumapangalawa sa klase at nakasunod kay Vicky sa mga iskors sa lahat halos ng **subjects**.*

Isang araw, napansin ni Grace na tahimik si Julie. Kinausap niya ito at nalaman niyang nagalit pala si Vicky sa kaniya kasi mas mataas ang nakuha nitong iskor sa pagsusulit sa Math.

“Ibinigay ko naman sa kaniya ang papel na may mga sagot, kaya lang nagmamadali kasi siyang kopyahin ito at hindi na niya napansin na mali-mali

iyong nakopya niya,” malungkot na sabi ni Julie. “Pati sa English at Science,” dagdag nito.

Mula noon, hindi na sumasama sa kanila si Vicky. Iba na ang laging kasama nito. Iniirapan pa sila kapag sila’y nagtatagpo.

Hindi pinansin nila Julie at Grace si Vicky at ang pagsusuplada nito. Ang masakit, sinisiraan pa sila ngayon ng dating matalik na kaibigan. Patuloy ang dalawa sa pag-aaral. Patuloy ding nauungusan ni Julie si Vicky sa mga iskors.

*Hanggang sa ikatlong markahan, naging number 1 na sa klase si Julie. Galit na galit si Vicky at kinuwestiyon niya ang mga titser sa kaniyang marka. Ang nanay nitong Prinsipal ay kinausap na rin ang mga guro. Doon niya nalaman na masyadong napag-iwanan sa mga iskors si Vicky kay Julie. Pero matigas si Vicky. Inaway at nag-**post** pa ito sa **social media** ng masama tungkol kay Julie. Pati mga kaibigan nito ay nakisama na rin sa kaniyang kasamaan. Ang kaibigang si Grace ay napuno na. Kaya, kinausap niya ang mga guro at ipinagtapat ang kalokohang ginagawa ni Vicky mula noon kung kaya’t lagi siyang nakakakuha ng mataas na iskor at laging nauuna sa pagsumite ng proyekto.*

Ipinatawag si Vicky ng kaniyang inang Prinsipal. Pinagalitan nito si Vicky, “Anong klaseng kaibigan ka kina Julie at Grace? Naging mabuting kaibigan sila sa iyo, pero sinuklian mo ng kasamaan,” sabi ng Prinsipal niyang Nanay.

“Gusto ko lang naman pong laging sikat at laging nauuna sa lahat ng bagay,” mangiyak-ngiyak na sambit ni Vicky.

“Si Julie ang tunay na matalino. Pero kahit na mali ka, dahil ayaw ka niyang mapahiya sa amin, pinagbibigyan ka niya lagi,” sabi ni Grace.

Matinding pagsisisi ang naramdaman ni Vicky. Hiyang-hiya siya sa mga guro, sa nanay niya, at sa kaniyang mga dating kaibigan. Sa kaniyang pagsisisi, puno ng pagmamahal siyang pinatawad ng magkaibigang Julie at Grace.

Basahin at isulat sa kuwaderno ang sagot sa mga tanong.

1. Ano ang mga katangian ng magkakaibigan sa kuwento?
2. Paano nila pinananatili ang kanilang pagkakaibigan?
3. Mabuti bang kaibigan si Vicky? Bakit?



Suriin

Magandang araw sa lahat. Inaasahan sa modyul na ito na ikaw ay makatutukoy, makasusuri, makagagawa at makapagpapaliwanag ng mga tamang hakbang na makatutulong sa pagiging responsable sa kapuwa sa pamamagitan ng pagpapanatili ng mabuting pakakaibigan.



Iginuhit ni Janny N. Zamora

Naaalala mo pa ba ang iyong naging mga unang kaibigan? Maaaring ang iba ay mula noong ikaw ay bata pa, at ang iba naman ay nakilala mo nang ikaw ay pumasok na sa paaralan.

Naaalala mo pa ba kung sino ang iyong unang naging kaibigan sa paaralan? Paano kayo naging magkaibigan? Bakit mo siya naging kaibigan? Siya ba ay kaibigan mo pa rin hanggang ngayon?

May mga kaibigan tayo na hanggang ngayon ay nandiyan pa rin sa ating tabi. Kasa-kasama pa rin natin. Karamay sa lahat ng pinagdaanan natin. Kasama sa bawat paghalakhak.

Ngunit, may mga kaibigan din tayong hindi na natin kasama – siguro’y dahil lumipat na upang manirahan sa ibang lugar. May mga kaibigan din tayong nasa ibang seksyon na o di kaya’y hindi na natin sila masyadong “close” ngayon.

Ang pagkakaibigan ay sadyang sinusubok ng panahon at pagkakataon. May mga pagkakaibigan na tumatag sa bawat pagsubok ngunit mayroon din namang nananamlay at tuluyan ng nawasak.

Gaano ba kahalaga ang pagkakaibigan? Paano ba natin ito mapapanatiling matatag?

Ayon sa Webster’s Dictionary, ang pagkakaibigan ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng ugnayan sa isang tao dahil sa pagmamahal (affection) o pagpapahalaga (esteem). Ang pagkakaibigan ay:

- *hindi basta-basta mahahanap.*
- *hindi maaaring pagkakita mo sa isang tao ay mararamdaman mo na magiging malapit kayo sa isa’t isa.*
- *dumadaan ito sa isang mahaba at masalimuot na proseso.*

Ayon kay Aristotle, “Ang tunay na pakikipagkaibigan ay sumisibol mula sa pagmamahal ng mga taong malalim na nakilala ang pagkatao sa pananaw ng sarili at iba. Ito’y isang natatanging damdamin para sa espesyal na tao na mas higit ang

halaga sa isang ordinaryong kakilala lamang. Hindi ito pumapanig sa kabutihan ng iisa kundi para sa isa't isa. Naiaangat nito ang antas ng buhay tungo sa positibong ugnayan ng isang lipunan.”

TATLONG URI NG PAKIKIPAGKAIBIGAN

- 1. Pakikipagkaibigang nakabatay sa pangangailangan*
- 2. Pakikipagkaibigang nakabatay sa pansariling kasiyahan*
- 3. Pakikipagkaibigan na nakabatay sa kabutihan*

Mga bagay na naidudulot ng pakikipagkaibigan sa pagpapaunlad ng ating pagkatao

- 1. Nakalilikha ito ng mabuting pagtingin sa sarili.*
- 2. Natutuhan kung paano maging mabuting tagapakinig.*
- 3. Natutukoy kung sino ang mabuti at di mabuting kaibigan sa pamamagitan ng mga tunay na kaibigan.*
- 4. Natututuhang pahalagahan ang mabuting ugnayan sa pakikipagkaibigan sa kabila ng ilang di pagkakaintindihan.*
- 5. Nagkakaroon ng mga bagong ideya at pananaw sa pakikipagkaibigan.*



Pagyamanin

Panuto: Patunayan ang iyong pagiging mabuting kaibigan sa pamamagitan ng pagsulat ng sariling karanasan sa mga kasabihan tungkol sa pagkakaibigan.

Ang tunay na pakikipagkaibigan ay sumisibol mula sa pagmamahal ng mga taong malalim na nakilala ang pagkatao sa pananaw ng sarili at iba.

Ang tunay na pagkakaibigan ay hindi pumapanig sa kabutihan ng iisa kundi para sa isa't isa.

Ang tunay na pakikipagkaibigan ay isang natatanging damdamin para sa espesyal na tao na mas higit ang halaga sa isang ordinaryong kakilala lamang.

Panuto: Gumawa ng resipe ng isang matamis na pagkakaibigan gamit ang sumusunod na mga sangkap.

Pagpapatawad

Kaligayahan

Tawanan

Pagbibigayan

Pag-asa

Katapatan

Halimbawa: Isang kutsarang tawanan.



Isaisip

A.

Panuto: Buuin ang mga katangian ng mabuting kaibigan.

1. atpatam -
2. halpagamma -
3. inmatulong -
4. dawtapaampag-
5. unawanima -

B. Gabayan

Panuto: Sagutin ang mga tanong sa ibaba sa pamamagitan ng pagbibigay ng paliwanag.

1. Ano-ano ang aking mga katangian bilang isang kaibigan?


2. Paano ako makikihalubilo sa mga taong hindi ko gusto bilang kaibigan? Tama ba ito? Ipaliwanag.

3. Paano makatutulong ang mga kaibigan sa pagkamit ko ng aking pangarap sa buhay? Paano sila makasasama sa aking pagtugon sa pangarap?



Isagawa

Panuto: Pag-aralan ang larawan at sagutin ang mga tanong sa ibaba.



Iginuhit ni Janny N. Zamora

1. Ano ang ipinahihiwatig ng larawan?
2. Paano mo pahahalagahan ang pagkakaibigan?
3. Ano-ano ang mga katangiang dapat mong ugaliin upang mapanatili ang inyong pagkakaibigan?



Tayahin

Tandaan

Ang pagkakaibigan ay pinahahalagahan upang ito ay mapanatili. Pananagutan ng bawat isa ang kaibigan. Katangian ng bawat isa ang pagiging mapagmahal, matulungin, matapat, magalang, at maunawain upang ang pagkakaibigan ay manatiling matatag.

Ano-ano ang mga katangiang dapat mong pahalagahan upang mapanatili ang pagkakaibigan?

A. Ibigay ang mga di-kanais-nais na mga ugali na maaaring hadlang sa pagpapahalaga sa pagkakaibigan.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____

B. Sumulat ng limang katangian ng tunay na kaibigan.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Karagdagang Gawain

A.

Panuto: Sagutin ng **TAMA** o **MALI** ang pangungusap. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

- _____ 1. Pinakokopya ni Sam si Ellen tuwing may pagsusulit.
- _____ 2. Sabay na nag-aaral ang magkaibigan.
- _____ 3. Pinagtatangol ang kaibigan kahit ito ay may masamang nagawa.
- _____ 4. Walang kai-kaibigan sa maling gawain kaya pinagsasabihan ni Anna ang kaniyang kaibigan.
- _____ 5. Pinapasunod ni Fred ang kaniyang kaibigan sa mali niyang ginagawa.

B.

Isa-isahin ang mga taong itinuturing mong kaibigan. Ang bawat isa sa kanila ay gawan mo ng isang *scrapbook page*. Ang *scrapbook page* ay isang malikhaing presentasyon ng mahahalagang mga alaala ng isang pangyayari sa iyong buhay. Ginagamit ito ng ilan na libangan lalo na yaong mga malikhain dahil dito nila nailalapat ang kanilang mga ideya sa pagdidisenyo at iba't ibang mga konsepto.

Ang *scrapbook page* ay nararapat na naglalaman ng sumusunod na impormasyon:

- Pangalan ng iyong kaibigan at kaniyang larawan (maaaring solo o kaya naman ay larawan na kasama ka)
- Pag-iisa-isa ng kaniyang mga katangian
- Maikling pagkukuwento ng pinakamahalagang pangyayari tungkol sa inyong pagkakakilala at pagiging malapit sa isa't isa
- Mga bagay na iyong natutuhan mula sa kaniya (mga naging impluwensiya niya sa iyo: halimbawa, sa paggawa ng mabuting pagpapasya)
- Mga konsepto tungkol sa pagkakaibigan na natutuhan mo mula sa kaniya
- Pangkalahatang kabutihang naidulot niya sa iyo



Susi sa Pagwawasto

| | | |
|---|--|--|
| <p>Karagdagang Gawain</p> <p>A.</p> <ol style="list-style-type: none">1. MALI2. TAMA3. MALI4. TAMAMALI | <p>Isaisip</p> <ol style="list-style-type: none">1. matapat2. pagmamahal3. matungin4. mapapatamad5. maunawain | <p>Balikan</p> <ol style="list-style-type: none">1. Natupad2. Natupad3. Di Natupad4. Di Natupad5. Natupad |
|---|--|--|

| | | |
|--|--|--|
| | | |
|--|--|--|

Sanggunian

Kurikulum Guide – Edukasyong Pagpapakatao – 6

<https://genius.com/Jamie-rivera-pananagutan-lyrics>

<https://pinoycollection.com/maikling-kwento-tungkol-sa-kaibigan/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph